



TOMO. 2/BLG. 3/AGOSTO 2020-HUNYO 2021

BULIK ONLINE

ANG OPISYAL NA PAHAYAGANG PAMPAARALAN
NG DE LA SALLE LIPA JUNIOR HIGHSCHOOL COMMUNITY



borderfree
community



DE LA
SALLE
LIPA

borderfree
education

Empowered Learning
Anytime Anywhere

Online Classes Ongoing

For 10,000+ students brought by 700+ Lasallian Partners

Drinking Water
100% Rainwater Education

www.dsl.edu.ph

DLSL Borderfree Education, Inilunsad ang Balik-Eskwela

ni Jose Miguel Villegas

Inilunsad ng De La Salle Lipa noong ika-24 ng Agosto ang isang makabagong paraan ng pag-aaral na tinaguriang, Borderfree Education alinsunod sa panawagan ng Kagawaran ng Edukasyon na muling simulan ang klase para sa taong panuruan.

Isinagawa ng paaralan ang isang pagdiriwang na pinangalanang "Welcome Lasallians" sa isang Youtube livestream na pinangunahan nina Yliana Caguimbal, Vice Governor ng Student Council at Samantha Leones, Senior Student Coordinating Board Representative ng Grade 12 HUMSS.

Kabilang sa programa ang isang palabas ng mga kuhanang larawan noong nakaraang taon. Nagkaroon ng mga programa noong nagdaang taon, at sinabayan ito ng awiting "Welcome to the Family".

Sumunod dito ang nakasanayang Morning Routines na nagbigay hudyat sa muling pag-uumpisa ng pasukan. Pagkatapos, nagbahagi si Dr. lezyl Torino, Vice Chancellor for Academics, ng kaniyang pahayag ukol sa pagbabalik eskwela.

Inilahad niya ang pagiging Open-minded, Guided at Immersed bilang gabay sa bawat mag-aaral upang maging matagumpay ang taong panuruan. Pinaalalahanan din niya ang bawat mag-aaral na sikaping matapos ang "Project Digital Commons" o PDCCommons na isinakatuparan ng mga tagapangasiwa ng paaralan.

Naghandog naman ang Modern Dance Company ng isang "Dance from Home" na palabas. "Ito ay isang karangalan dahil kahit may pandemya, nagawan pa rin namin

ng paraan na makapag-perform para sa DLSL. Nakalulungkot at hindi ko masyado naramdam na nagpe-perform kasi nga video lang siya, pero masaya pa rin ako na makapag-perform ulit sa harap ng tao", ani ni Reece Sollar ng BM 105.

Bilang pagtatapos sa ginawang programa, inanyayahan ang lahat na hingin ang presensya ng Panginoon sa pagdalo sa Banal na Misa na pinangunahan ni Fr. Eugene Hechanova.

Borderfree Campus

Kabahagi sa inilunsad na bagong sistema ay ang digitalization ng iba't ibang serbisyo ng paaralan tulad ng "Library's Discovery Service". Matatagpuan dito ang iba't ibang ebooks at online virtual references na maaaring gamitin sa pananaliksik ng mga mag-aaral para sa kanilang gawain.

Borderfree Community

Ang iba't ibang student services tulad ng guidance counseling at ang mga misa na ibinahagi ng Institutional Lasallian Formation Office (ILFO) ay maaari na rin ma-access online. Ang banal na misa ay maaaring panoorin sa Youtube account ng De La Salle Lipa samantalang ang serbisyo naman ng Guidance Office ay matatagpuan sa Canvas Courses ng mga mag-aaral.

Borderfree Classroom

Ang mga modyul na inihanda ng mga guro ang magsisilbing gawain at pagsasanay ng mga mag-aaral sa natamo nilang mga kasanayan. Kaya't, naging malaki rin ang ginampanang papel ng mga guro sa

pagkalunsad ng makabagong sistemang ito.

Ayon kay Ginoong Aldwin Baldovino, guro ng Baitang 10 Social Studies, "Mahigit apat na buwan na nagpulong ang mga guro sa bawat antas upang mapaghandaan ang paglulunsad ng Borderfree Education, partikular sa paggawa ng mga modules."

"Bilang paghahanda, inatasan kaming mga guro na makilahok sa iba't ibang online webinars, aralin ang "Most Essential Learning Competencies" o MELC ng Kagawaran ng Edukasyon at sagutan ang PDCCommons Teacher's Edition upang mas mahasa ang aming kaalaman sa larangan ng edukasyon at teknolohiya bilang paraan upang magamit namin ang CANVAS at Microsoft Office 365 ng mabisa sa paggawa ng mga modules." dagdag ni G. Baldovino.

Ang mga module na ito ay dumaan sa masusing Quality Assurance check ng Subject Area Chairs, Associate Principal for Academics at Edutech Champs. Ang mga modyul ay magsisilbing instrumento sa pag-aaral ng iba't ibang asignatura sa Borderfree Classroom.


Inaasahan ng buong institusyon na maging instrumento ang paglulunsad ng Borderfree Education upang maipagpatuloy ng mga kabataan ang kanilang pag-aaral sa ligtas at mabisang pamamaraan.

BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2020



Wika ng Kasaysayan, Kasaysayan ng Wika

Ang mga Katutubong Wika sa
Maka-Filipinong Bayanihan Kontra Pandemya



'New Normal': IS Buwan ng Wika, Mabisang Ipinagdiwang Online ni Angela Santelices

Hindi naging hadlang ang pandemya upang matagumpay na maipagdiwang ng buong komunidad ng Integrated School (IS) ang Buwan ng Wika noong nakaraang Agosto.

Ilan sa mga inihandang online na gawain para sa mga mag-aaral mula Baitang 1 hanggang 12 ay ang bugtungan, pampilipit dila, mga pautakan, paggawa ng iba't ibang karunungan bayan, at iba pa.

Ayon sa Subject Area Chair ng IS Departamento ng Filipino na si Gng. Jeramie Landicho, karamihan sa mga gawain, na inihanda ng mga guro ilang buwan bago magbukas ang klase, ay isinagawa sa pamamagitan ng Canvas discussions, pages, video conferences at maging sa Facebook Page.

"Upang mabigyan nang sapat na panahon sa oryentasyon ang bawat klase at sa paggamit ng Canvas, ang mga platform o feature munang ito ang ginamit." saad niya.

Ito ang dahilan upang mas naging mabisa ang pagsasakatuparan ng mga gawaing pang-online noong unang linggo ng pasukan. Lubos din itong naunawaan ng mga mag-aaral, sapagkat madaling sundin ang mga panutong ibinigay ng mga guro.

Ibinahagi rin ni Gng. Landicho na naging makabuluhan ang mga inihandang gawain dahil sa aktibong patisipasyon at suporta ng pamayanang Lasalyano. Bagama't limitado ang mga maaaring gawin dahil sa pandemya at mga hamon dulot ng new normal ay hindi naging hadlang ang mga ito.

Ang temang "Wika ng Kasaysayan, Kasaysayan ng Wika: Ang mga Katutubong Wika Sa Maka-Filipinong Bayanihan Kontra Pandemya" ay lalong nakatulong

sa pagpapalalim ng ating kulturang bayanihan. Sa pamamagitan ng patuloy na pagpapayaman at paggamit ng wikang pambansa ay lubos na magkakaunawaan ang bawat isa upang madaling maipahayag ang mga dapat tandaan sa pagpuksa ng COVID-19 sa Pilipinas.

"Ang wika ay mabisang sandata upang maiparating natin sa bawat isa ang mga tagubiling pang-kalusugan na lubhang kailangan sa panahong laganap ang COVID-19." saad ng guro.

Mahalaga ang pagkakaroon nang maliwanag na komunikasyon upang mas madali nating mauunawaan ang mga impormasyon at patakaran, lalo na ngayong panahon ng pandemya kung saan kitang-kita ang epektong dulot ng pagkakaroon ng distansya sa isa't isa.

"Ang wikang Filipino ay simbolo ng ating pagkakakilanlan kaya nararapat na tayo mismong mga Pilipino ang magtaguyod nito." dagdag at payo ni Gng. Landicho sa mga mag-aaral.

Kaugnay nito, patuloy nating tandaan na ang lalong pagpapayaman sa ating pambansang wika ay hindi natatapos sa buwan ng Agosto. Bagkus papagningasin pa nating lalo ang yaman nito sa pamamagitan ng paggamit ng ating wika mapasulat o mapasalita man sa tuwina, panonood at pagtangkilik sa mga palabas na gumagamit ng wikang Filipino, at pagbabasa ng mga aklat na nakalimbag sa sarili nating wika.

3 LATHALAIN

Ang Ating Ama: Haligi ng Tahanan at Marami pang Iba

ni Jose Miguel Villegas

Ang ama ang itinuturing nating haligi ng tahanan. Sila ang palagi nating tinatakbuhan kapag tayo ay nangangailangan ng proteksyon, pagkakanlong mula sa panganib o masalimuot na mga suliranin. Sa ating mga ama tayo lumalapit kapag tayo ay dumaraan sa mahihigpit na pagsubok na mahirap sugpuin. Sa ganitong paraan, tayo ay natututo ng iba't ibang diskarte sa buhay na mahalaga upang ating makamit ang ating mga pangarap.

Ilan sa mga bansag sa isang ama sa ating lipunan ay ang pagiging mahigpit na taga-disiplina, matatag na miyembro ng pamilya at matipunong ehemplo, ngunit sa paglipas ng panahon at pag-unlad ng ating lipunan lumalawak na rin ang pananaw ng bawat mamayang Pilipino sa mga tungkuling ginagampanan ng isang ama. Marami sa kanila ang tumatayo

na rin bilang ilaw ng tahanan dahil sa mag-isa nilang inaaruga ang kanilang mga anak. Ilan din sa kanila ang nangunguna sa mga gawaing bahay sapagkat kinakailangang mangibang-bansa ng kanilang mga asawa upang makapagtrabaho.

Sa panahon ng pandemya, marami rin sa mga ama ang tumayo bilang guro, kalaro o kaibigan ng kanilang mga anak bilang pangangalaga sa kalusugan ng kanilang mga isip at katawan. Gayundin, hindi rin matatawaran ang lakas at tatag ng mga kababaihan na tumatayong ama sa anomang kadahilanan.

Sa paggunita ng Araw ng mga Ama, tayo ay maglaan ng oras upang mapasalamatan ang pagsasakripisyo at pagmamahal na ating natanggap mula sa kanila. Alalahanin natin ang bawat sandaling tayo ay tumakbo sa kanilang piling upang

maramdaman ang yakap ng proteksyon. Iparating din natin ang ating pasasalamat sa iba pa nating kinikilala bilang ama tulad ng ating Santo Papa Francisco, ang ama ng Simbahang Katolika. Ipagdasal natin ang kaniyang magandang kalusugan upang patuloy na patnubayan ang bawat Kristiyano sa mundo. Batiin din natin ang ating mga guro na tumayo bilang pangalawang ama natin sa loob ng paaralan. Pasalamatan natin sila para sa lahat ng magagandang aral na ating

napulot sa bawat leksiyong binibigay.

Higit sa lahat, karapat-dapat nating pahalagahan ang ating Amang nasa langit, na nagbigay sa atin ng buhay at patuloy na naglalayo sa atin sa anomang kapahamakan at sakit dulot ng pandemya.

Pasasalamat at walang-hanggang pagmamahal sa lahat ng mga ama at tumatayo bilang isang ama. Isang Maligayang Araw ng mga Ama!



Icons mula sa Canva.com

Pagsusulat: Daan sa Kamulatan

ni France Idjao

Ang mabigyan ng pagkakataong dalhin ang pangalan ng De La Salle Lipa sa iba't ibang paligsahan ay isang napakalaking karangalan.

Bilang isang estudyanteng-atleta na naranasan ng sumali sa iba't ibang paligsahang pampalakasan, tunay na kakaiba nga ang makilahok sa mga akademikong kompetisyon. Noong hindi pa naka online-setup, araw-araw akong nagsasanay sa aking isport na Lawn Tennis at palaging sumasali ng mga paligsahan. Malimit ay mga gawain sa silid aralan din ang aking pinaglalaanan ng oras, kaya't hindi ko naiisipang sumali sa mga pang-akademikong kompetisyon noon.

Tuloy, noong nabalitaan ko na ako ay makikilahok sa PATALASANLAHI na isang pambansang kumpetisyong pinangungunahan ng UP

Diliman, nangibabaw ang kaba sa aking puso sapagkat isang panibagong paraan ng paghahanda ang kinakailangang gawin.

Noong mismong araw ng kumpetisyon ay rinig na rinig ko ang tibok ng aking puso habang binibigay sa amin ang mga panuntunan sapagkat kinakailangan naming tapusin ang piyesa sa loob lamang ng dalawang oras. Habang ito ay isinasagawa ay pinapanood nila kami sa aming pagsusulat.

Sa kabila nito, napagtanto ko ang kahalagahan ng ganitong uri ng mga kumpetisyon para sa kabataang Pilipino, lalo na at ang mga paksang ibinigay sa pagsulat ng sanaysay at sa tema ng kanilang paligsahan ay napapanahon sa mga suliraning ating naranasan. Ito ay isang rason, bukod sa ang paksang ibinigay ay malapit sa aking puso't paninindigan, kung kaya't nabuo ko ang aking sanaysay

nang maayos kahit patuloy akong nakakaramdam ng kaba sa buong dalawang oras ng pagsusulat.

Ang ibinigay na paksa ay, 'How would you explain Sexual Orientation, Gender Identity, and Expression to a 7-year-old?'. Humugot ako ng inspirasyon sa sarili kong mga karanasan at kaalaman tungkol sa LGBTQ+ community at sa di-makatwirang pagpapahirap sa kanila ng ibang tao. Para sa akin, napakahalagang mapalaganap natin ang ganitong uri ng mga paksa upang matalakay ng mga kabataan at makabubuo tayo ng mas matatag at handang henerasyong lalaban para sa katotohanan at katarungan ng bawat tao. Bukod sa pagbubuo ng makabuluhang sanaysay, natutunan ko rin ang kahalagahan ng pagkakaroon nang magagandang asal at bukas na isipan

Malaki ang aking pasasalamat at pagmamahal sa aking mga gurong ginabayan ako sa buong paglalakbay ng kumpetisyon, sina Ms. Marlene at Ms. Ally. Buong suporta ang aking natanggap mula sa kanila kaya't naibuhos ko ang nilalaman ng aking puso sa aking sinulat na sanaysay na aking ikinagalak.

Samakatuwid, ang pakikilahok sa PATALASANLAHI ay isang karanasang hindi ko malilimutan dahil nabigyan ako ng pagkakataong maging kinatawan ng ating paaralan hindi lamang sa mga paligsahang pampalakasan, ngunit pati na rin sa mga akademikong kompetisyon. Napagtanto ko rin ang kahalagahan ng pagkakaroon ng mabuting pag-uugali, matibay na determinasyon at pananampalataya sa Poong Maykapal sa anomang hamong kakaharapin ko sa susunod na mga pagkakataon.

Tulay sa Pagsisikap ng mga Nangangarap

ni Keanna Mae Anoneuvo

Panibagong akademikong taon ang kinakaharap ng mga estudyante at mga guro mula sa paaralang De La Salle Lipa. Ang kanilang kinasanayang pamamaraan ng pag-aaral na kung saan sila ay nasa silid-aralan ay iba ngayong taong panuruan. Dagdag pa sa ilang modipikasyon sa pagtuturo at pagkatuto ay ang pangambang dala ng COVID-19 virus hindi lamang sa bawat isa sa atin kundi maging sa mga mahal natin sa buhay.

Ang taong dalawang libo't dalawampu ay nagbigay ng malaking hamon sa bawat isa at isa na roon ay ang paggamit ng online modality. Kaakibat nito ang ilang modipikasyon sa pang-akademikong polisiya.

Sa kabila ng ilang mga naging pagbabago, ibang karansan din ang idinulot nito lalo't inaasahang manatili sa kanilang tahanan ang mga mag-aaral. Ang pagsasakatuparan ng ganitong modality ay malaki rin ang maitutulong upang malimitahan ang pakikisalimuha at ang posibilidad na magkaroon ng sakit.

Isang pagbabagong dala ng pag-aaral sa pamamagitan ng online sa paaralang De La Salle Lipa ay ang paglipat ng lock date.

Sa nakalipas na mga taon, kapag kumukuha ng mga pagsusulit ang mga mag-aaral ay may partikular na petsa at oras lamang kung kelan pwedeng sagutan o kunin ang isang pagsusulit. Gayunpaman, may magandang dulot din ito sa bawat mag-aaral upang makahabol sa gawain kahit pa man makaranas sila ng problemang teknikal tulad ng internet connectivity, power interruption at iba pa.

Kaakibat ng layuning hatid ng bagong mga polisiya ay ang isang bagong paraan kung paano itatala ang mga grado ng mga

estudyante. Sa bawat markahan ay may nakatalagang mga gawain at marka upang makapasok sa tala ng mga mag-aaral na nagpakita ng kahusayan sa pag-aaral. Ang una at ikalawang markahan ay nakatalaga lamang sa Summative Assessment na may kaakibat na isang daang puntos samantalang ang ikatlo at ikaapat na markahan ay kombinasyon ng Summative Assessment at awtput ng CAPSTONE Initiatives.

Bukod sa mga nabanggit binibigyan din ng tatlong pagkakataon ang mga mag-aaral upang mapagbuti pa nila ang kanilang gawain. Ito ay sa tulong na rin ng mga komento o suhestiyon mula sa kanilang mga guro.

Lahat ay nagkaroon ng pagbabago, at ang pagbabagong ito ay dapat tingnan ng mga kabataan sa positibong perspektibo upang madala ang pananaw na ito sa pagbabagong inaasam na estado ng buhay. Maaaring madali itong matugunan o may mga balakid na maaaring kaharapin, ngunit kung matibay ang iyong determinasyon at pananaw sa buhay lahat ng mga ito ay malalampasan at mapagtatagumpayan.

Laging pakatandaan ang edukasyon ay tulay tungo sa magandang hinarap, ngunit ito rin ay tulay ng pagsisikap ng mga tao nangangarap.



BULIK

LUPON NG PATNUGOT

Punong Patnugot Jose Miguel Villegas

Ikalawang Patnugot Julianne Ycel Kaw

Tagapamahala Maria Alyssandra de Veyra

Patnugot ng Balita Patrick Rupert Nine

Patnugot ng Lathalain Mikaela Eunice Guerra

Patnugot ng Isports Sean Queja

Puno ng Digital at Media Arts Daphne Albeza | Patricia Panganiban

Punong Tagaguhit Kristine Joy Medrano

Mga Nag-ambag Keanna Anonuevo | France Idjao

Mga Tagapayo Ms. Rodelia Beltran | Ms. Rosalie Fortus

Konsultants Ms. Jeramie Landicho | Ms. Marilou Navales

Principal Ms. Haidee Angeles